Illinois Liquor Control Commission

Gobernador JB Pritzker
Cynthia Berg, Tagapangulo
Chimaobi Enyia, Executive Director

100 West Randolph Street, Suite 7-801, Chicago, IL 60601
300 West Jefferson Street, Suite 300, Springfield, IL 62702

Kaugnay na Pagkilos ng Lokal na Komisyon ng Pagkontrol ng Alak ng Illinois na May Kaugnayan sa COVID-19

Patnubay sa Mga Lokal na Komisyon ng Pagkontrol ng Alak para sa On-Premises Lamang na Magtitingi Marso 19, 2020

Na-update Marso 31, s2020

Noong Marso 16, 2020, bilang resulta ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-07 ni Gobernador Pritzker, nag-isyu ang llinois Liquor Control Commission ng patnubay kung ang mayhawak ng lisensya ay awtorisadong magbenta ng nakakalasing na alak ("Mga Nagtitinda On-Premises Lamang) na kinokonsumo sa labas ng mga lisensyadong gusali. (Ang mga pagbebenta ay maaari ring tawagin bilang "Nakabalot na Paninda" o "To Go na Paninda"). Ang Mga Pahayag ay ang mga sumusunod:

Mula sa Q/A ng Lokal na Komisyon sa Pagkontrol ng Alak ng Illinois

Q. Maaari bang maghatid at magbenta para sa off-premises na pagkonsumo ang mga mayhawak ng lisensya para sa on-premises na pagbebenta ng mga nakakalasing na alkohol?

A. Ang mga mayhawak lamang ng lisensya para sa off-premises na pagbebenta ang awtorisado na magbenta.

Mula sa Direktiba ng Pagsunod ng Lokal na Komisyon ng Pagkontrol ng Alak ng Illinois

Ang lahat ng mga mayhawak ng lisensya na awtorisado ng Komisyon ng Estado at mga lokal na komisyon ng pagkontrol ng alak na magbenta ng nakakalasing na alkohol, hindi nakakalasing na alkohol at pagkain sa tingian na kinkonsumo sa labas na lisensyadong gusali ay maaaring magsagawa ng "in-person"na pagbebenta sa isang "to-go" na batayan lamang ngunit hindi para sa pagkonsumo sa loob ng lisensyadong gusali. Ang mga mayhawak ng lisensya na karaniwang mayroon ng pribilehiyo na ganito ay kinabibilangan ng: Mga pinagsamang (panloob/panlabas na pagkonsumo) magtitingi, mga off-premises lamang na magtitingi, mga brew pub, mga distilling pub, mga tagagawa ng serbesa, mga class 1 na tagagawa ng serbesa, mga class 2 na tagagawa ng serbesa, mga class 1 na craft distiller, at mga class 2 na craft distiller.

Ang hangarin ng Q/A at Direktiba ng Pagsunod ay upang bigyang-karangalan ang mga pagbabawal para sa on-premises/off-premises na inilagay sa mga lisensyadong magtitingi ng mga lokal na komisyon sa pagkontrol ng alak sa halip na banayad na pagsuway sa mga nasabing pagbabawal.
Alinsunod sa naunang batas at patakaran, ang Lokal na Komisyon sa Pagkontrol ng Alak ng Illinois ay patuloy na ipinapaubaya sa lokal na komisyon ng pagkontrol ng alak ang awtoridad na tukuyin kung

ang isang negosyo na lisyensado na magbenta ng nakakalasing na alkohol ay maaaring magbenta ng nakakalasing na alkohol para sa off-premises na pagkonsumo.
Samakatwid, tatanggapin ng Lokal na Komisyon ng Pagkontrol ng Alak ng Illinois ang pagpapasya ng isang lokal na komisyon ng pagkontrol ng alak upang pahintulutan ang On-Premises Lamang na Magtitingi na magbenta ng nakakalasing na alkohol na ikokonsumo sa labas ng lisensyadong gusali. Ang mga estadong lisensya ng pagtitingi na nagpapahintulot sa mga on-premises lamang na pagbebenta ay papahintulutan na magbenta ng nakakalasing na alak para sa off-premises na pagkonsumo kung ang mga naturang pagbebenta ay pinahintulutan ng lokal na komisyon ng pagkontrol ng alak.

Ang mga pribilehiyo para sa "to go" o paghahatid nang On-Premises Lamang na Magtitingi ay mananatiling epektibo sa buong tagal ng pagtatapos ng Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna. Ang mga mayhawak ng lisensya ay mahigpit na papayagan batay sa pribilehiyo ng on-premises na lisensya lamang sa pagtatapos ng Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna.

Ang mga magtitingi na nagbebenta ng nakakalasing na alkohol para sa off-premises na pagkonsumo ay dapat sumunod sa lahat ng mga batas, mga panuntunan, at mga patakaran Retailers selling alcoholic liquor for off-premises consumption na nakasaad sa Kautusang Tagapagpaganap 2020-07, ng Illinois Liquor Control Act, Mga Panuntunan ng Lokal na Komisyon ng Pagkontrol ng Alak ng Illinois at lokal na ordenansa at patakaran na naaangkop sa mga nakabalot na paninda o mga "to go" na paninda.

Chima Enyia

Chimaobi Enyia
Executive Director
Lokal na Komisyon ng Pagkontrol ng Alak ng Illinois